WaterUseGuide_'09_Single-Family_T.1:WSPG 5/7/2009 5:09 PM Page 1

Mga Eksepsiyon

Ang mga kustomer na nagbago ang mga situwasyon kamakailan, na nagresulta sa pagbabago ng mga paraan sa paggamit sa tubig, ay maaaring maging kuwalipikado para sa isang eksepsiyon. Kabilang sa mga kuwalipikadong situwasyon ay ang pagkakaroon ng mas higit sa apat na tao sa isang tahanan, pagkakaroon ng mas kaunti sa tatlong taon na nakatalang kasaysayan ng paggamit, hindi pang-karaniwang pangangailangang pangkalusugan at pangangailangan ng tubig sa pantrabahong hayop na inaalagaan.

Para humiling ng eksepsiyon, maaari kayong mag-download ng pormularyo ng kahilingan (request form) sa www.ccwater.com, kumuha nito sa pama-magitan ng pagtawag sa (925) 688-8009, o pumunta sa District Center sa 1331 Concord Avenue, Concord. Kompletuhin ang pormularyo na ipinapaliwanag ang inyong situwasyon at isumeti ito na sinusunod ang mga tuntunin na nasa likod ng pormularyo. Tatanggap kayo ng isang nakasulat na tugon, karaniwan sa loob ng limang araw na may pasok pagkaraang matanggap ng Distrito ang kahilingan.

Mga Paraan sa Pagtitipid ng Tubig

Upang matulungan kayo sa pagtitipid ng tubig, naghahandog ang Distrito ng maraming serbisyo para sa Pagtitipid ng Tubig at mga insentibo. Kabilang sa mga ito ang mga deskuwento sa matipid sa tubig na mga kagamitan sa kubeta at paglalaba ng damit, libreng mga kasangkapan sa pagtitipid, mga impormasyong pantulong sa pagtitipid ng tubig, at mga pagdalaw ng mga eksperto sa konserbasyon sa tahanan na magpapamalas ng pinakamabuting mga paraan ng pagtitipid ng tubig. Mangyaring bumisita sa *www.ccwater.com* o tumawag sa Conservation Department sa (925) 688-8320.

Pag-aaksaya ng Tubig

Ang Distrito ay nakatalaga upang maiwasan ang pag-aaksaya ng tubig. Itinatag ang isang Pangkat sa Pagtitipid ng Tubig (Water Saving Team) upang agarang magsiyasat at mahinto ang pag-aaksaya ng tubig. Kabilang sa karaniwang mga halimbawa ng pag-aaksaya ng tubig ay mga sirang ulo ng regadera o pandilig, tagas sa sistema ng irigasyon at pag-apaw ng tubig sanhi ng sobrang pagdidilig.

Upang mag-ulat ng pag-aaksaya ng tubig, tumawag sa (925) 688-8044 sa araw o gabi. Isang miyembro ng pangkat ang sasagot sa inyong tawag, kukunin ang ulat at magsasagawa ng koordinasyon para sa agarang pagtugon. Ang mga kustomer na iniulat para sa pag-aaksaya ng tubig ay kokontakin upang ipabatid sa kanila ang pag-aksaya, mabigyan ng listahan ng kuwalipikadong kontratistang nagkukumpuni at mapayuhan tungkol sa mga paraan kung paano sila maaaring makapagtipid ng tubig.

Ang mga kustomer na patuloy sa pag-aaksaya ng tubig at mabigong magsagawa ng pangwastong aksiyon ay tatanggap ng nakasulat na babala at maaaring suspindihin ang kanilang serbisyo o pagbawalan ang pagdaloy sa kanilang tubig.

این اطلاعات به زبان فارسی در این وبسایت داده شده است www.ccwater.com

請瀏覽 www.ccwater.com, 查閱中文版本內容。

Esta información se encuentra disponible en www.ccwater.com o llamando a Franklin Mills al (925) 688-8044.

Ang impormasyon na ito sa Tagalog ay makukuha sa www.ccwater.com

Ang buong teksto ng ordinansa ng Distrito sa Programa sa Pamamahala sa Tagtuyot ay makukuha sa www.ccwater.com.

PIO 4.09.65M

Contra Costa Water District
1331 Concord Avenue
Concord, CA 94520

Babala sa Kustomer

Programa sa Pamamahala sa Tagtuyot

Pagbabawas sa Paggamit ng Tubig at Bayad sa Labis na Gamit

Ang Gabay para sa lisang Pamilyang Pamahayan na mga Kustomer

Mangyaring basahing mabuti ang dokumentong ito at itago para maging sanggunian sa hinaharap.

WaterUseGuide_'09_Single-Family_T.1:WSPG 5/7/2009 5:09 PM Page 5

Kailangan ang Pagtitipid ng Tubig

Ang California ay nakararanas ng isang malubhang tagtuyot, at kailangan ang inyong tulong. Ang Patubig ng Distrito ng Contra Costa (Contra Costa Water District) ay nangangailangan na inyong bawasan ang inyong paggamit ng tubig ng kahit sa 15 porsiyento.

Ang Programa ng Distrito sa Pamamahala sa Tagtuyot ay binuo upang:

- Isaalang-alang ang mga kustomer na gumagamit ng 125 galon bawat araw o maibaba upang kayanin at makatipid pa
- Hindi magtaas ng bayad
- Paliitin ang epekto nito sa lokal na ekonomiya
- Himukin ang pagbabawas sa mga panlabas na paggamit ng tubig.

Mahalaga: May dalawang paraan ang mga kustomer na maaaring magkaroon ng bayad sa labis na gamit. Ang mga detalye ay nasa seksiyon ng gabay na ito na may pamagat na *Bayad sa Labis na Gamit (Excess Use Charges)*.

Para sa tulong sa pagtitipid ng tubig at mga napapanahon na kaalaman sa suplay ng tubig, mangyaring bumisita sa *www.ccwater.com*.

Contra Costa Water District
1331 Concord Avenue
Concord, CA 94520

Drought Help Line:
(925) 688-8009

www.ccwater.com

Paano Isinasagawa ang Programa

Sa panahong salat sa pera, marami sa mga sambahayan ang gumagawa ng badyet. Ang parehong konsepto ay ginagamit sa tubig habang may tagtuyot. Ang tubig ay may kakulangan sa suplay ngayong taon, kaya't isang badyet sa tubig ang inihanda para sa inyong sambahayan. Para manatili sa badyet, kailangan ninyong bawasan ang inyong paggamit ng tubig ng kahit sa 15 porsiyento kumpara sa inyong kasaysayan sa paggamit.

Lahat ng mga kustomer ay pinasabihan sa pamamagitan ng sulat ang ukol sa kanilang mga badyet sa tubig para sa Mayo 2009 – April 2010. Bilang karagdagan, nakalagay sa bawat singil ng bayarin ng mga kustomer ang kanilang mga badyet sa tubig para sa kasalukuyang panahon ng pagsingil, gayon din sa kasunod na dalawang panahon ng pagsingil.

Mahalaga para sa mga kustomer na pamahalaan ang kanilang paggamit ng tubig at manatili sa loob ng kanilang badyet sa tubig. Makatutulong ito sa Distrito na pahabain ang suplay nito ng tubig hanggang matapos ang tagtuyot.

Upang kalkulahin ang badyet sa tubig ng sambahayan para sa partikular na panahon ng pagsingil, kinalkula ng Distrito ang katamtamang dami ng tubig na aktuwal na ginamit kada araw sa serbisyong address sa panahon ng pagsingil sa taong 2005, 2006 at 2007. Ang nakuhang katamtamang gamit ay binawasan ng 15 porsiyento. (Hindi kabilang ang taong 2008 sapagkat ito ay isang taon ng tagtuyot at ipinapatupad ng Distrito ang programa ng boluntaryong pagtitipid.)

Ang programa ng Distrito ay hindi nagtataas ng bayad sa tubig. Sa katunayan, ang mga kustomer ay maaaring pababain ang kanilang bayarin sa pamamagitan ng pagbabawas ng kanilang pagkonsumo.

Bayad sa Labis na Gamit

May dalawang paraan upang magkaroon ng bayad sa labis na gamit:

1. Ang mga Kustomer na Gumagamit ng Mas Higit sa 1,000 gpd – Lampas sa Inyong Badyet sa Tubig

Kung ang inyong katamtamang gamit ng tubig para sa isang panahon ng pagsingil (billing period) ay mahigit sa 1,000 gpd ayon sa kasaysayan, kayo ay sisingilin ng bayad sa labis na gamit kung hindi kayo mananatili sa loob ng inyong badyet sa tubig. Mangyaring pagtuunan ng kaukulang pansin ang inyong badyet sa tubig dahil ito ay karaniwang nagbabago sa bawat panahon ng pagsingil.

2. Mga Kustomer Na Gumagamit ng 1,000 gpd o Mas Mababa – Itaas ang Inyong Paggamit ng Tubig

Kung kayo ay gumagamit ng 1,000 gpd o mas mababa, at kayo ay gumamit ng mas maraming tubig sa isang partikular na panahon ng pagsingil (billing period) kaysa sa inyong karaniwang gamit ayon sa kasaysayan ng paggamit para sa nasabing panahon, kayo ay sisingilin ng bayad sa labis na gamit para sa sobrang tubig na inyong ginamit.

Bawal na mga Paggamit ng Patubig ng Distrito

- **Pagpuno ng mga dekoratibong lawa, lawa-lawaan, o nonrecirculating na mga palamuting bukal (fountain).**
- **Paglilinis sa kongkreto o iba pang mga lugar na may matitigas at solidong ibabaw.**
- **Panlabas na pagdidilig na nagbubunga sa labis-labis na pag-apaw ng tubig.**
- **Paglilinis ng sasakyan na hindi gumagamit ng isang hose-end shut-off nozzle.**
- **Irigasyon sa pamamagitan ng anumang bagong koneksiyon sa Contra Costa Canal o lateral na sistema.**

Mga Halimbawa ng Bayad sa Labis na Gamit para sa 1,000+ gpd na mga Kustomer

Kasaysayan ng Katamtamn na Gamit ng Tubig*	Badyet sa Tubig (May 15% Pagbawas)	Halaga ng Pagtitipid kung Natugunan ang Badyet	Bayad sa Labis na Gamit para sa Walang Pagbabawas sa Paggamit
		(2-buwan na pagsingil)	
1000	850	$33	$127
1500	1275	$49	$190
2000	1700	$65	$254

Mga Halimbawa ng Bayad sa Labis na Gamit para sa mga Kustomer na Tumaas ang Kanilang Paggamit

Kasaysayan ng Katamta-man na Gamit ng Tubig*	Bayad sa Labis na Gamit para sa lumampas ng 15% sa Kasaysayan ng Paggamit *(2-buwan na pagsingil)*
300	$38 sa 345 gpd
800	$101 sa 920 gpd

*gallons per day (gpd) [galon kada araw]

Ang bayad sa labis na gamit ay apat na beses sa singil ng kasalukuyang yunit ng tubig. Ang bayad sa labis na gamit ay batay sa halaga ng pagbili ng Distrito ayon sa presyo ng merkado sa dagdag na suplay ng tubig habang nasa panahon ng tagtuyot.